
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 9: Pagkakaroon o Kawalan ng Bukas na Komunikasyon



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 9: Pagkakaroon o Kawalan ng Bukas na Komunikasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rashiel Joy F. Lepaopao, Ronelyn E. Dador |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Saturnino C. Mutia, Concorde Alber J. Deniega, Jean C. Caluyong, Julius P. Tesiorna, Joris T. Sulima, Jezzine F. Salar, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas,<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno,<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 9: Pagkakaroon o Kawalan ng Bukas na Komunikasyon

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 9 para sa **Pagkakaroon o Kawalan ng Bukas na Komunikasyon!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 9 para sa **Pagkakaroon o Kawalan ng Bukas na Komunikasyon!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang bukas na komunikasyon ay lunsaran at susi sa pagmamahalan, pag-uunawaan at pagkakaisa. Ito ay nagbibigay daan upang maipadama ang nasa isipan o opinyon ng bawat isa. kung saan ito ay nagiging tulay sa maayos at matiwasay na pamumuhay.

Ang pagiging bukas at tapat ay nagpapatatag ng isang pamilya. Ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon ay magdulot ng kabutihan ngunit kapag ito ay nawala magbubunga ng kalituhan at kaguluhan. Paano ba magkakaroon ng bukas na komunikasyon? Paano maiiwasan ang pagkawala ng maayos na komunikasyon?

Inaasahang sa modyul na ito ay masasagutan ang mga katanungan at magkakaroon ng kalinawan sa magiging resulta ng pagkakaroon at pagkawala ng bukas na komunikasyon.

Sa modyul na ito ay malilinang mo ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Natukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya o pamilyang nakasama, naobserbahan o napanood na nagpapatunay ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon. (EsP8PB-Ie-3.1)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng bukas na komunikasyon sa pamilya?
   A. pagsasarili ng problemang kinakaharap
   B. pagkakaroon ng sapat na oras sa pamilya
   C. magkakasama ngunit abala sa *social media*
   D. pagpapaubaya sa kasambahay sa pag-aalaga ng mga anak

2. Aling sitwasyon ang nagpapakita ng kawalan ng komunikasyon sa pamilya?
   A. mag-anak na nag *video chatting*
   B. paglalaan ng isang araw sa pamamasyal
   C. sabay-sabay na kumain ang buong pamilya
   D. may kaniya-kaniyang ginagawa sa social media

3. Paano mo masasabing may bukas na komunikasyon ang pamilya?
   A. pagbibigay-diin sa sariling damdamin
   B. pagbibitaw ng mga salitang hindi nakasasakit
   C. pakikinig sa sinasabi ng bawat kasapi ng pamilya
   D. pagsasabi ng suliranin sa ibang tao sa halip na sa sariling pamilya

4. Sino-sino sa mga kasapi sa pamilya ang epektibong tagapaglinang ng bukas na komunikasyon?
   A. ina at ama
   B. ina at anak
   C. ama at anak
   D. mga anak o anak

5. Suriin ang mga pahayag. Alin sa sumusunod ang may katotohanan?
    I. tapat sa isa't isa
    II. pagkakaroon ng madalas na pag-uusap
    III. pag-unawa sa mensahe mula sa sariling pananaw at pananaw ng iba
    IV. paniniwala sa sariling paninindigan lamang

    A. Ang I at II ay mahalagang salik sa bukas na kumunikasyon.
    B. Ang I at IV ay kailangan sa pagpapanatili ng bukas na komunikasyon.
    C. Ang II at III ay mahalaga sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon.
    D. Ang III at IV ay parehong susi sa pagkakaroon ng bukas nakomunikasyon.

6. Bakit mahalagang magkaroon ng bukas na komunikasyon?
    A. dahil madaling makakamit ang anumang hangarin ng buong pamilya
    B. dahil paraan ng pasalita at di-pasalitang pagpapahayag sa palitan ng impormasyon sa pamilya
    C. dahil napakahalagang pundasyon sa relasyon ng mag-asawa, magulang sa anak, at kapatid sa kapatid
    D. dahil hinihikayat ang bawat miyembro ng pamilya na makapagpahayag ng pagkakaisa, pagmamahal at pagpapahalaga sa bawat isa

7. Sino sa mga kasapi sa pamilya ang higit na nangangailangan ng paggabay tungo sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon?
    A. ate
    B. bunso
    C. kuya
    D. magulang

8. Alin sa sumusunod ang laging nagpapatupad ng tuntunin sa loob ng pamilya?
    A. mga magulang
    B. bunsong anak
    C. ang magkapatid
    D. panganay na anak

9. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng bukas na komunikasyon?
    A. nagbibigkis sa lahat ng miyembro ng pamilya
    B. palitan ng impormasyon sa pagitan ng nagsasalita at kausap
    C. isang paraan upang hindi magkaroon ng problema ang pamilya
    D. paraan upang hindi magkaroon ng depresyon ang miyembro ng pamilya

10. Madalas na nakararanas ng pambubulas si Noel sa loob ng klase kaya ayaw na niyang pumasok sa eskwela. Kanino siya dapat unang sumangguni sa suliraning kaniyang kinakaharap?
    A. mga kaibigan
    B. punong-guro
    C. mga magulang
    D. gurong tagapayo

11. Ano ang maidudulot ng pamilyang hindi bukas ang komunikasyon?
    A. Mapaganda ang buhay.
    B. Mapariwara ang buhay.
    C. Makamtan ang tagumpay.
    D. Maging matalino ang bawat isa.

12. Paano mapanatili ang bukas na komunikasyon sa pamilya?
    A. sa hindi pakikinig sa bawat isa
    B. sa paghusga ng bawat sinasabi ng kausap
    C. manatiling walang-kibo kapag kinakausap
    D. pagiging positibo at sensitibo ng damdamin ng bawat miyembro

13. Alin sa sumusunod ang may bukas na komunikasyon sa kapuwa?
    A. tumatalikod kapag kinakausap
    B. pabalang na pagsagot sa kausap
    C. walang imik at hindi sumasagot kapag tinatanong
    D. tahimik na nakikinig at maayos na nagbibigay ng komento

14. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kawalan ng bukas na komunikasyon sa kapuwa?
    A. aktibong nakikipag-usap
    B. pagsantabi sa sinabi ng kausap
    C. bukas na isipan at tapat sa kinakausap
    C. nakikinig nang maayos sa mga hinaing ng kapuwa

15. Ano ang bunga ng kawalan ng komunikasyon?
    A. walang pagpapalagayang-loob
    B. walang bangayan na nagaganap
    C. walang problemang hindi nalulutas
    D. walang mahinang ugnayan ng miyembro ng pamilya

# Aralin 1 Pagkakaroon o Kawalan ng Bukas na Komunikasyon

*"Ang magandang tahanan ay hindi nakikita sa magandang gusali at mga palamuti. Nakikita ito sa kagandahan ng pagsasama ng pamilyang nasa loob nito."*

*-Anonymous*

Ngayon, subukin sa ***Balikan*** ang natutunan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



## *Balikan*

**Gawain 1. Tukuyin Mo!**

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang mga pahayag na naobserbahan sa loob ng tahanan sa pagsasabuhay ng pananampalataya at sagutin ang kasunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pagkakaroon ng panatang pansambahayan
2. Sabay-sabay na manalangin ang bawat kasapi ng pamilya
3. *Bible sharing* at pagbabahagian ng mga karanasan
4. Sama- samang pagsisimba ng buong pamilya
5. Pagpapalaganap ng salita ng Diyos
6. Nanalangin bago at pagkatapos kumain
7. Pagpapasalamat sa mga biyayang natanggap ng pamilya
8. Paggabay sa mga nakababatang kapatid sa paglinang ng kanilang pananampalataya
9. Pagpapatatag ng pananampalataya
10. Pagtuturo sa mga anak na manalangin bago matulog

Sa tingin mo, ang lahat ng nabanggit na mga pahayag ay nagpapatunay ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon?



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

**Gawain 2. Pansinin mo! Isipin Mo!**

Unawaing mabuti ang ipinahihiwatig ng larawan at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Natutunan mo sa nakaraang paksa ang mga angkop na kilos sa pagpapaunlad ng gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya. Bagama't mas matutulungan tayo sa pagsasagawa ng mga kilos na ito kung ang tao ay may kakayahang kumilala sa pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon sa sariling pamilya o naobserbahan.

Ang bukas na komunikasyon ay mahalaga sa pagkakaroon ng matatag at matibay na relasyon sa pamilya at sa kapuwa. Ngayon, subukang suriin at unawain ang sumusunod na larawan sa dalawang pamilya na may magkaibang paraan ng pakikitungo.



**Larawan A.**



**Larawan B.**

**Gabay na tanong:**

1. Ano ang ipinapahiwatig sa dalawang larawan? Ilarawan.

   Larawan A:

   Larawan B:

2. Alin sa dalawang larawan ang nagpapakita na mayroong bukas na komunikasyon sa pamilya?

3. Alin naman sa larawan ang nagpapahiwatig ng kawalan ng komunikasyon sa pamilya?



# *Suriin*

Ang kawalan ng bukas na komunikasyon ay malaking hamon sa isang pamilya sa pagtuturo ng mga pagpapahalaga at pagsasakatuparan ng kanilang-kanilang natatangiang misyon. Gayunpaman, mahalagang matukoy ang mga gawain o karanasan ng isang pamilya na magpapatunay sa pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon upang maayos na magagabayan ang bawat kasapi tungo sa kaunlaran. Halimbawa sa tahanan ni Aling Paseng, nakasanayan nilang pag-usapan ang mga naging karanasan ng mga anak bago matulog. Nakaugalian na rin ng miyembro ng pamilya na ibahagi ang mabuti at hindi magandang mga pangyayari sa kanilang trabaho, paaralan, at lipunan. Ang madalas na pangungumusta ng magulang sa anak ay nagpapakita ng bukas na kumunikasyon na dapat taglayin ng iba. Dahil dito, madaling nagagabayan ng magulang ang mga anak dahil mayroon itong pagpapahalaga sa bukas na kuminakasyon ng bawat isa.

Sa bahaging ***Tuklasin*** ay nasubukan mo ang sarili sa pagtukoy sa gawain o mga karanasang palatandaaan ng pagkakaroon ng bukas na komunikasyon o kawalan nito. Kung ang naging sagot mo sa pangalawang tanong ay larawan A at larawan B naman pangatlong tanong ay binabati kita sapagkat tama ang iyong pagkilala.

Kung susuriing muli ang larawan ay malinaw na naipapakita sa larawan A ang isang pamilyang masayang nag-uusap tungkol sa kanilang mga buhay. Sabik na sabik silang makinig sa kuwento ng bawat isa. Nagpapahiwatag lamang ito na ang pamilyang ito ay mayroong bukas na komunikasyon.

Paano nga ba natin matutukoy ang pamilyang mayroong bukas na komunikasyon? Ang bukas na komunikasyon ay nagsisilbing pundasyon sa relasyon sa pagitan ng kasapi ng pamilya, mag-asawa, magulang sa anak at kapatid sa kapatid.

Halimabawa, Kung may bagay na pinag-aawayan ang magkapatid ay dapat na masinsinang pag-usapan agad upang masolusyunan at maiwasan ang paglala ng alitan. Bilang magulang ay kailangang parehong pakinggan ang bawat panig bago gumawa ng pasya para mabigyan ng pagkakataon ang mga anak na makapagbahagi ng kanilang iniisip at nadarama.

Karapatan ng anak na maranasan ang kalinga ng magulang sa lahat ng pagkakataon. Gayundin, tungkulin ng magulang na mapabuti at magabayan ang anak sa maayos na pagpapasya. Sa mabuting pag-uusap nagsisimula ang kalutasan ng problema at sa bukas na komunikasyon makikita ang pagpapahalaga.

Ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya ay napakahalagang bagay na dapat malinang sapagkat ito ang magsisilbing pundasyon sa isang masaya, maganda at matatag na pagsasama. Ang pamilyang pinapahalagahan ang pagkakaroon ng magandang ugnayan ay maglalaan ng oras para lamang sa pamilya; makapagkuwentuhan, sama-samang kakain,

mamasyal, manalangin at pag-usapan ang problema ng miyembro ng pamilya, sabay-sabay na manood ng palabas sa telebisyon, maglaro, magbasa ng kwento, sama-samang paggawa ng gawaing bahay o di kaya'y sama-samang makikiisa sa gawaing pampamayanan gaya ng *tree planting* at *clean-up drive.*


Sa larawan B naman ay makikitang magkakasama sila bagama't malayo ang kanilang loob sa isa't isa. Mapapansin na ang mga anak ay abala lamang sa kani-kanilang mga selpon na parang walang naririnig sa kanilang ina. Ang ama naman ay nakatuon lang sa panonood ng palabas sa telebisyon na hindi man lang pinagsabihan ang anak na hindi nakikinig sa kanilang ina. Ito ay nagpapakita lamang na sila ay walang bukas na komunikasyon.

Ang kawalan ng bukas na komunikasyon ay maaaring magdudulot ng hindi pagkakaunawaan, pagkakaroon ng alitan o sama ng loob at malayo ang loob sa isa't na kung hindi maagapan ay maaaring humantong sa pagkawatak-watak ng pamilya. Isang halimbawa rito ay ang mag-asawang abala sa kanilang trabaho. Umaalis nang maaga sa bahay at umuuwi ng gabi na at madadatnang tulog pa ang mga anak na ipinagkatitiwala sa kasambahay o hinahayaan na lang ang anak sa kanilang gusto dahil sa kawalan nila ng oras sa paggabay. Dahil dito maraming mga bata na itinutuon na lamang ang oras sa ibang bagay gaya ng, paninigarilyo, pag-inom ng alak, adiksyon sa paglalaro sa kompyuter, pagsali sa mga *gang* at *fraternity*, pananakit sa iba para mapansin, maagang pagbubuntis at pagsasarili sa problema na humahantong sa pagkakaroon ng depresyon na mauuwi sa pagpapakamatay.

Ang kawalan ng bukas na komunikasyon ay kawalan rin ng mabuting koneksyon sa kapuwa.

Para sa iyo, ano ang mas mainam ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon o ang kawalan nito sa pamilya? Ang pagkakaroon di ba?


Samakatuwid, mahalaga sa bawat pamilya ang magkaroon ng bukas na komunikasyon. Magkaiba man ang ating paraan sa pakikipag-ugnayan ay nararapat na isaalang-alang ang damdamin at iniisip ng iba na may pag-unawa. Sa pamamagitan nito ay mabibigyan ng pagkakataon ang bawat miyembro ng pamilya na makapaglahad ng kanilang iniisip at nararamdaman sa kabila ng kanilang pagkakaiba.




# *Pagyamanin*

## Gawain 3. Alam Ko Ito!

Isulat sa ang resulta ng pagkakaroon at kawalan ng komunikasyon sa pamilya at kapuwa tao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



**Gawain 4: Tala-talahanayan!**

Magtala ng mga gawain o karanasan sa sariling pamilya o pamilyang nakasama, naobserbahan na nagpapakita ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Sitwasyong nagpapakita ng Bukas na Komunikasyon | Sitwasyong nagpapakita ng Kawalan ng Bukas na Komunikasyon |
| --- | --- |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

## Gawain 5: Larawan Ko, Suriin Mo!


Unawaing mabuti ang larawan at lagyan ng ☹ kung ang larawan ay nagpapakita ng bunga ng kawalan ng bukas na komunikasyon at ☺ kung nagpapakita ng pagkakaroon ng bukas na komunikasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1



2



3




4



5



6



# *Isaisip*

**Gawain 6. Dugtungan Tayo!**

Dugtungan ang sumusunod na parirala upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| A. matatag | B. pundasyon | C. masaya |
| D. malinang | E. bukas na komunikasyon | |

Ang pagkakaroon ng (1) __________________ sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya ay napakahalagang bagay na (2) _________________sapagkat ito ang magsisilbing (3) ______________ sa isang (4) _____________, maganda at (5) _______________ na pagsasama.


**Gawain 7. Ilarawan Mo!**

Ilarawan ang gawain o karanasan ng isang pamilyang nagpapakita ng bukas na komunikasyon o kawalan nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Pamilyang may Bukas na Komunikasyon | Pamilyang Walang Bukas na Komunikasyon |
|---|---|
| | |

## Rubrik sa Pagmamarka ng Sagot

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan | Napakalinaw ang pagkalalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa pagkakaroon at kawalan bukas ng komunikasyon | Malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa pagkakaroon at kawalan bukas ng komunikasyon | Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa pagkakaroon at kawalan bukas ng komunikasyon |
| Organisasyon ng Ideya | Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata | Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata |
| Kabuoang Puntos | | | |



# *Isagawa*

**Gawain 8. Nakikita Ko! Kapuwa Ko!**

Ilarawan ang sariling karanasan o obserbasyon sa nakasama na nagpapakita ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Sa Kaibigan** | |
|---|---|
| Pagkakaroon ng Bukas na Komunikasyon | Kawalan ng Bukas na Komunikasyon |
| | |

| **Sa Kapitbahay** | |
|---|---|
| Pagkakaroon ng Bukas na Komunikasyon | Kawalan ng Bukas na Komunikasyon |
| | |

| **Sa Pamilya** | |
|---|---|
| Pagkakaroon ng Bukas na Komunikasyon | Kawalan ng Bukas na Komunikasyon |
| | |

## Rubrik sa Pagmamarka ng Sagot

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan | Napakalinaw ng pagkalahad ng tatlong obserbasyong nagpapakita ng pagkakaroon at kawalan ng bukas na komunikasyon | Hindi gaanong malinaw ng pagkalahad ng tatlong obserbasyong nagpapakita ng pagkakaroon at kawalan ng bukas na komunikasyon | Hindi malinaw ng pagkalahad ng tatlong obserbasyong nagpapakita ng pagkakaroon at kawalan ng bukas na komunikasyon |
| Kabuoang Puntos | | | |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Madalas na nakararanas ng pambubulas si Noel sa loob ng klase kaya ayaw na niyang pumasok sa eskwela. Kanino siya dapat unang sumangguni sa suliraning kaniyang kinakaharap?

    A. mga kaibigan
    B. punong-guro
    C. mga magulang
    D. gurong tagapayo

2. Ano ang maidudulot ng pamilyang hindi bukas ang komunikasyon?
    A. Mapagaganda ang buhay.
    B. Mapapariwara ang buhay.
    C. Makakamtan ang tagumpay.
    D. Magiging matalino ang bawat isa.

3. Paano mapanatili ang bukas na komunikasyon sa pamilya?
    A. Sa hindi pakikinig sa bawat isa
    B. Sa paghusga ng bawat sinasabi ng kausap
    C. manatiling walang-kibo kapag kinakausap
    D. pagiging positibo at sensitibo ng damdamin ng bawat miyembro

4. Alin sa sumusunod ang may bukas na komunikasyon sa kapuwa?
    A. tumatalikod kapag kinakausap
    B. pabalang na pagsagot sa kausap
    C. walang imik at hindi sumasagot kapag tinatanong
    D. tahimik na nakikinig at maayos na nagbibigay ng komento

5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kawalan ng bukas na komunikasyon sa kapuwa?
    A. aktibong nakikipag-usap
    B. pagsantabi sa sinabi ng kausap
    C. bukas na isipan at tapat sa kinakausap
    C. nakikinig nang maayos sa mga hinaing ng kapuwa

6. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng bukas na komunikasyon sa pamilya?
   A. pagsasarili ng problemang kinakaharap
   B. pagkakaroon ng sapat na oras sa pamilya
   C. magkakasama bagaman abala sa *social media*
   D. pagpapaubaya sa kasambahay sa pag-aalaga ng mga anak

7. Aling sitwasyon ang nagpapakita ng kawalan ng komunikasyon sa pamilya?
   A. mag-anak na nag *video chatting*
   B. paglalaan ng isang araw sa pamamasyal
   C. sabay-sabay na kumain ang buong pamilya
   D. may kaniya-kaniyang ginagawa sa social media

8. Paano mo masasabing may bukas na komunikasyon ang pamilya?
   A. pagbibigay-diin sa sariling damdamin
   B. pagbibitaw ng mga salitang hindi nakasasakit
   C. pakikining sa sinasabi ng bawat kasapi ng pamilya
   D. pagsasabi ng suliranin sa ibang tao sa halip na sa sariling pamilya

9. Sinu- sino sa mga kasapi sa pamilya ang epektibong tagapaglinang ng bukas na komunikasyon?
   A. ina at ama
   B. ina at anak
   C. ama at anak
   D. mga anak o anak

10. Suriin ang mga pahayag. Alin sa sumusunod ang may katotohanan?
    I. tapat sa isa't isa
    II. pagkakaroon ng madalas na pag-uusap
    III. pag-unawa sa mensahe mula sa sariling pananaw at pananaw ng iba
    IV. paniniwala sa sariling paninindigan lamang

    A. Ang I at II ay mahalagang salik sa bukas na kumunikasyon.
    B. Ang I at IV ay kailangan sa pagpapanatili ng bukas na komunikasyon.
    C. Ang II at III ay mahalaga sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon.
    D. Ang III at IV ay parehong susi sa pagkakaroon ng bukas na komunikasy

11. Bakit mahalagang magkaroon ng bukas na komunikasyon? Dahil:
    A. madaling makakamit ang anumang hangarin ng buong pamilya
    B. paraan ng pasalita at di-pasalitang pagpapahayag sa palitan ng impormasyon sa pamilya
    C. napakahalagang pundasyon sa relasyon ng mag-asawa, magulang sa anak, at kapatid sa kapatid
    D. hinihikayat ang bawat miyembro ng pamilya na makapagpahayag ng pagkakaisa, pagmamahal at pagpapahalaga sa bawat isa

12. Sino sa mga kasapi sa pamilya ang higit na nangangailangan ng paggabay tungo sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon?
    A. ate
    B. bunso
    C. kuya
    D. magulang

13. Alin sa sumusunod ang laging nagpapatupad ng tuntunin sa loob ng pamilya?
    A. mga magulang
    B. bunsong anak
    C. ang magkapatid
    D. panganay na anak

14. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng bukas na komunikasyon?
    A. nagbibigkis sa lahat ng miyembro ng pamilya
    B. palitan ng impormasyon sa pagitan ng nagsasalita at kausap
    C. isang paraan upang hindi magkaroon ng problema ang pamilya
    D. paraan upang hindi magkaroon ng depresyon ang miyembro ng pamilya

15. Ano ang bunga ng kawalan ng komunikasyon?
    A. walang pagpapalagayang-loob
    B. walang bangayan na nagaganap
    C. walang problemang hindi nalulutas
    D. walang mahinang ugnayan ng miyembro ng pamilya

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 9. Plano Ko! Ilista Ko!**

Magtala ng mga gawaing magpapaunlad sa komunikasyong mayroon ang inyong pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1 | |
| 2 | |
| 3 | |
| 4 | |
| 5 | |
| 6 | |
| 7 | |
| 8 | |
| 9 | |
| 10 | |

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Tayahin |
|---|---|
| 1. B | 1. B |
| 2. D | 2. D |
| 3.C | 3. D |
| 4.A | 4. D |
| 5.A | 5. A |
| 6.C | 6. B |
| 7.B | 7. D |
| 8.A | 8. C |
| 9.B | 9. A |
| 10.A | 10. A |
| 11.B | 11. C |
| 12.D | 12. B |
| 13.D | 13. A |
| 14.D | 14. B |
| 15.A | 15. A |

**Balikan**

**Gawain**

1./
2./
3./
4./
5./
6./
7./
8./
9./
10./

**Pagyamanin**

**Gawain 3**

**May Bukas na Komunikasyon**

1. nagkakasundo
2. nagkakaisa
3. nagtutulungan
4. masaya
5. maayos na pagsasama

**Kawalan ng Bukas na Komunikasyon**

1. nagbabangayan
2. walang pagkakaisa
3. hindi maayos ang ugnayan ng bawat kasapi
4. napapariwara ang kinabukasan ng mga anak
5. nagkakasamaan ng loob

**Gawain 5**

1. ☹
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☺
6. ☹

**Pagyamanin**
**Gawain 4**
**Pagkakaroon ng Bukas na Komunikasyon**

1. Ang pamilyang Santos ay nagkakaisa sa lahat ng gawaing bahay.
2. Pinapakinggan ni Anna ang mga payo ng magulang tungkol sa kaniyang pag-aaral.
3. Pinag-uusapan ng pamilyang Cruz ang problemang kinahaharap ng bawat isa.
4. nagkakasundo ang magkapatid sa lahat ng mabubuting gawain.
5. Masayang nagkukwentuhan ang pamilyang San Pablo.

**Kawalan ng Bukas na Komunikasyon**

1. Palaging nag-aaway ang makapatid na Rick at Mike.
2. Hindi pinakikinggan ni Aiza ang mga payo ng magulang.
3. Sa tuwing aalis ng bahay si Agatha ay hindi ito nagpapaalam sa magulang at ginagabi na sa pag-uwi.
4. Pinag-aawayan ng mag-asawang Pendrina ang bawat problemang kinahaharap, ito man ay malaki o maliit lamang.
5. Hinahayaan ni Aleng Nena ang anak na si Jane sa lahat ng gusto nito kayat napariwara ang buhay.

# *Sanggunian*

**Aklat**

Bognot Regina Mignon C. et. 2013. *Edukasyon sa Pagpapakatao.* Vival Publishing House Inc. —. 2013. *Edukasyon sa Pagpapakatao.* Vival Publishing House Inc.

**Hanguang Elektroniko:**

*California Lutheran University.www.ffri.hr.* Accessed 26 May, 2020. http://www.ffri.hr.

Rick Peterson. et. n.d. "Families First-Keys to Successful Family Functioning: Communication." *Publication and Educational Resources.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph